Pagkakasundo at Pag-asa

Liksyon 9, Unang Semestre, Pebrero 21–27, 2026

Hapon ng Sabbath, Pebrero 21

Talatang Sauluhin:

“ Yaong hindi nakakilala ng kasalanan ay kaniyang inaring may sala dahil sa atin: upang tayo'y maging sa kaniya'y katuwiran ng Dios.” KJV — 2 Corinto 5:21

“ Ang mga maling paratang ni Satanas laban sa banal na karakter at pamahalaan ng Diyos ay nahayag sa kanilang tunay na anyo. Inakusahan niya ang Diyos na naghahangad lamang ng sariling kadakilaan sa paghingi ng pagpapasakop at pagsunod mula sa Kanyang mga nilalang. Ipinahayag din niya na samantalang hinihingi ng Maylalang ang pagtanggi sa sarili mula sa lahat, Siya naman ay hindi nagsasagawa ng anumang pagtanggi sa sarili ni gumagawa ng sakripisyo.Ngunit nahayag na para sa ikaliligtas ng nahulog at makasalanang sangkatauhan, ang Pinuno ng sansinukob ay gumawa ng pinakadakilang sakripisyong maaaring gawin ng tunay na pag-ibig; sapagkat “ang Diyos ay na kay Cristo, na ipinagkakasundo ang sanlibutan sa Kaniyang sarili” (2 Corinto 5:19). Nakita rin na samantalang binuksan ni Lucifer ang pintuan ng kasalanan dahil sa kanyang pagnanais ng karangalan at kataas-taasang kapangyarihan, si Cristo naman, upang puksain ang kasalanan, ay nagpakumbaba at naging masunurin hanggang sa kamatayan.

Sa pamamagitan ni Jesus, nahayag ang awa ng Diyos sa sangkatauhan; ngunit ang awa ay hindi nagpapawalang-bisa sa katarungan. Inihahayag ng kautusan ang mga katangian ng karakter ng Diyos, at ni isang tuldok o kudlit man nito ay hindi maaaring baguhin upang umayon sa nahulog na kalagayan ng tao. Hindi binago ng Diyos ang Kanyang kautusan; sa halip, inialay Niya ang Kanyang sarili kay Cristo upang tubusin ang tao. “Ang Diyos ay na kay Cristo, na ipinagkakasundo ang sanlibutan sa Kaniyang sarili” (2 Corinto 5:19).

Linggo Pebrero 22

Pinagkasundo Mula sa Masasamang Gawain

Basahin ang Colosas 1:21 , 22. Ano ang tinutukoy ni Pablo sa kaniyang pagbanggit sa pagkahiwalay at pagiging mga kaaway? At ano ang inaasahang huling bunga ng kamatayan ni Cristo (tingnan din ang Efeso 5:27)?

" Ang pag-iingat at pagpapahalaga sa kabutihan sa puso ay isang gawain na kakaibang napapabayaan ng marami. Ang mga pusong pinabanal at nilinis ay hindi gagawa ng anumang tuso o di-makatarungang paraan. Kinamumuhian ng Diyos ang makasarili at sakim na espiritu. Ang masasamang pagnanasa ay pumupuno sa pusong pinaghaharian ng pagkamakasarili. Ang pagkamakasarili ay humahantong sa pang-aapi, at kapag paulit-ulit ang paggawa ng pang-aapi, ang isipan ay nasisira at hindi na makapagpapasya nang tama. (15MR 254.2)

Sa anumang pagkakataon ay hindi makikipag-isa si Cristo sa di-makatarungan at di-tapat na pakikitungo. “At kayo, nang nakaraang panahon ay nangahihiwalay at mga kaaway sa inyong pagiisip sa inyong mga gawang masasama. Gayon ma'y pinakipagkasundo niya ngayon sa katawan ng kaniyang laman, sa pamamagitan ng kamatayan, upang kayo'y iharap na mga banal at walang dungis at walang kapintasan sa harapan niya.” (Colosas 1:21, 22). Tinatawag ng Diyos ang matatalinong Kristiyano—mga lalaki at babaeng puspos ng kaalaman tungkol sa Kanyang kalooban. Kailangan nating maranasan ang kapangyarihan ng katotohanang nagbabago ng buhay. Aalisin nito ang mga di-makatarungang hinihingi at mapang-aping gawain na nagdulot ng malaking pinsala at nagpalabo sa isipan ng mga tao. Tinatawag ng Panginoon ang mga lalaki at babae na sa pamamagitan ng kanilang mabubuting gawa ay maipapakita na ang katotohanan ay nagdulot ng tunay na pagbabago sa kanilang buhay. Ang Kanyang mga manggagawa ay dapat nang alisin ang mga hibla ng pagkamakasarili na sumisira sa magandang huwaran. (15MR 254.3)

Ang ating kaalaman ay dapat magbigay ng espirituwal na lalim sa ating pang-unawa. Ang ating kaalaman sa Banal na Kasulatan ay dapat maisabuhay. Nalulugod ang Panginoon kapag ang mga nakikipag-ugnayan sa Kanya ay napupuspos ng kaalaman tungkol sa Kanyang kalooban. Ang Kanyang mga lingkod ay dapat araw-araw na lumago sa pagkakilala sa Kanya. Araw-araw silang lalago sa biyaya at sa espirituwal na pag-unawa, pinalalakas ayon sa Kanyang maluwalhating kapangyarihan. Dapat silang sumulong sa espirituwal na kakayahan upang makapagbigay-lakas sa bayan ng Diyos. (15MR 255.1)

Hindi hinihingi ng Diyos sa mga makasalanan na pumasok sa Kanyang gawain dala ang kanilang likas na masasamang ugali at mabigo sa harap ng sangkalangitan at ng sanlibutan. Hindi Niya hinihiling sa isang taong hindi pa nababago ang puso na subukang maglingkod sa Kanya. Ang mga hindi pa napapasailalim sa pamamahala ng kautusan ng katarungan at awa ay mas mabuting bumaba muna sa kanilang posisyon ng pamumuno hanggang matutuhan nilang ang nais ng Panginoon ay awa at hindi hain. (15MR 255.2)

Lunes, Pebrero 23

Kung Kayo’y Magpapatuloy sa Pananampalataya

Basahin ang Colosas 1:23 (NKJV) . Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ni Pablo sa “nagpapatuloy na matatag at matibay sa pananampalataya? (Tingnan din ang Col. 2:5 at Efe. 3:17 .)

" Ang mga kundisyon upang maunawaan natin ang hiwaga ng Diyos ay malinaw na ipinahayag: “Kung tunay na kayo'y mamamalagi sa pananampalataya, na nababaon at matitibay, at di makilos sa pagasa sa evangelio.” Nangangailangan ito ng masusing pagsasaliksik ng mga Kasulatan. Hindi tayo magiging matatag sa pananampalataya kung hindi natin sasanayin at huhubugin ang bawat kakayahan ng ating isipan. Ang magpatuloy sa pananampalataya ay nangangahulugang magkaroon ng matibay na layunin na gamitin ang bawat kapangyarihang bigay ng Diyos upang maging bihasa at karapat-dapat na manggagawang kasama Niya—nagpapatibay sa kaluluwa ng mga nasa pananampalataya at nagsisikap maabot ang mga hindi pa nakakakilala sa katotohanan. (RH, Pebrero 18, 1909, par. 5)

Ang mga salitang ito ay naglalarawan sa kalagayan ng mga taong, sa pamamagitan ng pagtanggap at pagpapabanal ng katotohanan, ay nakararanas ng pagbabago ng karakter. Ang dahilan kung bakit maraming nagpapakilalang Kristiyano ang hindi nakararanas nito ay sapagkat hindi nila ginagampanan ang mga tungkuling nasa kanilang harapan. Ipinahahayag nilang sila’y naniniwala kay Jesus, ngunit hindi nila Siya tinatanggap bilang kanilang personal na Tagapagligtas. (YI, Mayo 25, 1893, par. 2)

Ginawa ng Panginoon ang lahat ng paglalaan upang tayo’y magkaroon ng mayaman, masagana, at masayang karanasan. Isinulat ni Juan tungkol kay Cristo: “Sa Kaniya’y may buhay; at ang buhay ay siyang ilaw ng mga tao.” Ang buhay ay kaugnay ng liwanag; at kung wala tayong liwanag mula sa Araw ng Katuwiran, wala tayong buhay sa Kaniya. Ngunit ang liwanag na ito ay ipinagkaloob para sa bawat kaluluwa, at ang kadiliman ay dumarating lamang kapag tayo’y lumalayo sa liwanag. Sinabi ni Jesus, “Ang sumusunod sa Akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng buhay.” Sa mundong ating ginagalawan, walang buhay kung walang liwanag. Kapag ang araw ay tumigil sa pagsikat, mamamatay ang lahat ng halaman at hayop. Ipinapakita nito na hindi tayo maaaring magkaroon ng espirituwal na buhay maliban kung ilalagay natin ang ating sarili sa ilalim ng sinag ng Araw ng Katuwiran. Kung ang isang namumulaklak na halaman ay ilagay sa madilim na silid, ito’y madaling malalanta at mamamatay. Gayundin naman, maaari tayong magkaroon ng kaunting espirituwal na buhay ngunit ito’y mawawala kung tayo’y mananatili sa kapaligiran ng pag-aalinlangan at kalungkutan. Sinabi ni Jesus, “Kayo'y manatili sa akin, at ako'y sa inyo. Gaya ng sanga na di makapagbunga sa kaniyang sarili maliban na nakakabit sa puno; gayon din naman kayo, maliban na kayo'y manatili sa akin. Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga: Ang nananatili sa akin, at ako'y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami: sapagka't kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa.” Juan 15:4-5(YI, Mayo 25, 1893, par. 3)

Martes Pebrero 24

Walang Hanggang Plano ng Diyos

“ Hindi itinuring ng mga apostol na mahalaga ang kanilang sariling buhay; sa halip, nagalak sila na sila’y ibinilang na karapat-dapat magdusa ng kahihiyan alang-alang sa pangalan ni Cristo. Si Pablo at Silas ay nawalan ng lahat. Sila’y hinagupit at walang awang itinapon sa malamig na sahig ng bilangguan, sa isang napakasakit na kalagayan—ang kanilang mga paa ay nakataas at nakagapos sa mga pangkadena. Mayroon bang mga daing at reklamo na umabot sa pandinig ng bantay ng bilangguan? Wala! Mula sa pinakaloob ng piitan, sa katahimikan ng hatinggabi, sumambulat ang mga tinig ng awit ng kagalakan at papuri sa Diyos. Ang mga alagad na ito ay napalakas ng kanilang malalim at taimtim na pag-ibig sa gawain ng kanilang Manunubos—isang gawaing kanilang pinagdusahan. (3T 406.3)

Kapag ang katotohanan ng Diyos ay nanahan sa ating puso, umangkin sa ating mga damdamin, at naghari sa ating buhay, magagalak din tayo na magdusa alang-alang sa katotohanan. Walang pader ng bilangguan at walang tulos ng pagkamartir ang makakatakot o makakapigil sa atin sa dakilang gawaing ito. Lumapit ka, O aking kaluluwa, sa Kalbaryo. Pagmasdan ang mapagpakumbabang buhay ng Anak ng Diyos. Siya ay “lalaki ng kapighatian at bihasa sa karamdaman.” Masdan ang Kanyang kahihiyan at ang Kanyang paghihirap sa Getsemani, at matutunan kung ano ang tunay na pagtanggi sa sarili. Nagdarahop ba tayo? Ganoon din si Cristo, ang Kamahalan ng langit. Ngunit ang Kanyang kahirapan ay alang-alang sa atin. Nabibilang ba tayo sa mayayaman? Siya man ay mayaman, ngunit kusa Siyang naging dukha para sa atin, upang sa pamamagitan ng Kanyang kahirapan ay tayo’y yumaman. Kay Cristo ay malinaw na nahayag ang halimbawa ng pagtanggi sa sarili. Ang Kanyang sakripisyo ay hindi lamang ang pag-iwan sa maharlikang luklukan ng langit, o ang pagharap sa paglilitis ng masasamang tao bilang isang kriminal, at mahatulang may sala at ipapatay na parang isang salarin. Higit pa rito, pinasan Niya ang bigat ng mga kasalanan ng buong sanlibutan. Ang buhay ni Cristo ay sumasaway sa ating pagwawalang-bahala at pagiging malamig. Malapit na tayo sa katapusan ng panahon, at si Satanas ay bumaba na may malaking galit, sapagkat nalalaman niyang maikli na ang kanyang panahon. Siya’y kumikilos na may lahat ng pandaraya ng kasamaan sa mga napapahamak. Ang pakikipaglaban ay iniwan sa ating mga kamay ng ating dakilang Pinuno upang ito’y ipagpatuloy natin nang may sigla at lakas. Ngunit hindi natin nagagawa kahit ikadalawampung bahagi ng kaya nating gawin kung tayo’y tunay na gising. Ang gawain ay naaantala dahil sa pag-ibig sa kaginhawahan at kakulangan ng espiritu ng pagtanggi sa sarili—ang mismong espiritung ipinakita ng ating Tagapagligtas sa Kanyang buhay. Kailangan ang mga kamanggagawa ni Cristo—mga taong nakadarama ng pangangailangan ng mas malawak at mas masigasig na pagsisikap. Ang gawain ng ating mga palimbagan ay hindi dapat bawasan, kundi higit pang paramihin. Dapat magtatag ng mga paaralan sa iba't ibang lugar upang sanayin ang ating mga kabataan bilang paghahanda sa kanilang paglilingkod para sa pagsulong ng katotohanan. (3T 406.4)

Miyerkules Pebrero 25

Nahayag ang Misteryo ng Diyos

Basahin ang Colosas 1:26 , 27. Dalawang beses na nagsalita si Pablo tungkol sa "misteryo." Anong misteryo?

"Ang aral tungkol sa pagkakatawang-tao ni Cristo—ang Kanyang pagparito sa laman bilang tao—ay isang hiwaga, "ang hiwagang natago mula pa sa mga nakaraang panahon at salinlahi" (Colosas 1:26). Ito ang dakila at malalim na hiwaga ng kabanalan. "Ang Salita ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin" (Juan 1:14). Isinuot ni Cristo ang likas na pagkatao—isang kalikasang mas mababa kaysa sa Kanyang likas na kalagayang makalangit. Wala nang higit pang nagpapakita ng kahanga-hangang pagpapakababa ng Diyos kundi ito. "Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak" (Juan 3:16). Inilahad ni Juan ang dakilang paksang ito nang may payak na pananalita upang ito'y maunawaan ng lahat at sila'y maliwanagan. (1SM 246.3)

Paano nagbibigay-liwanag ang mga sumusunod na talata tungkol sa hiwaga ng Diyos sa iba't ibang bahagi ng plano ng kaligtasan? (Efeso 1:7–10; Efeso 3:3–6)

Sa ganitong paraan ibinigay ng Panginoon kay Pablo ang kanyang tungkulin na pumasok sa malawak na larangan ng pagmimisyon sa mga Hentil. Upang ihanda siya sa malawak at mahirap na gawaing ito, inilapit siya ng Diyos sa Kanyang sarili at ipinakita sa kanya ang mga tanawin ng kagandahan at kaluwalhatian ng langit. Ipinagkatiwala sa kanya ang ministeryo ng paghahayag ng "misteryo" na "naitago mula pa nang pasimula ang sanlibutan" (Roma 16:25)—ang "hiwaga ng Kanyang kalooban" (Efeso 1:9). (AA 159.2)

Ang Hiwaga ng Kabanalan—Ang pamantayan sa pagsukat ng karakter ay ang maharlikang kautusan ng Diyos. Ang kautusan ang nagpapakita kung ano ang kasalanan; sa pamamagitan nito ay nakikilala ang kasalanan. Ngunit ang makasalanan ay patuloy na inilalapit kay Jesus dahil sa kahanga-hangang pagpapakita ng Kanyang pag-ibig—na Siya'y nagpakababa at namatay ng kahiya-hiyang kamatayan sa krus. Napakalalim na paksa nito! Maging ang mga anghel ay nagsikap at nagnasang masilip ang kahanga-hangang hiwagang ito. Ito ay isang pag-aaral na maaaring humamon maging sa pinakamataas na kakayahan ng pag-iisip ng tao—na ang taong nahulog at nalinlang ni Satanas, na kumampi pa sa panig ni Satanas, ay maaaring maibagay sa larawan ng Anak ng walang-hanggang Diyos. Na ang tao ay magiging katulad Niya; at dahil sa katuwiran ni Cristo na ibinibigay sa tao, iibigin ng Diyos ang taong nahulog ngunit tinubos, gaya ng pag-ibig Niya sa Kanyang sariling Anak. Basahin ito mismo mula sa mga buhay na pahayag ng Salita ng Diyos. (3SM 169.1)

Huwebes Pebrero 26

Kapangyarihan ng Ebanghelyo

Basahin ang Colosas 1:28 , 29. Ano ang pokus ni Pablo? Sa iyong palagay, bakit tatlong beses na inulit ang "bawat tao"? (ESV)?

" Napakalaking pananagutan nito! Ang gawaing inilalahad dito ay higit na mabigat kaysa sa basta pangangaral lamang ng salita. Ito ay ang kumakatawan kay Cristo sa pamamagitan ng ating karakter—ang maging mga buhay na sulat, na nakikilala at nababasa ng lahat ng tao. (GW92 422.3)

Ang mga salitang ito ay nagtatanghal sa kamanggagawa ni Cristo ng isang mataas na pamantayan na dapat maabot. Gayunman, maaabot ito ng lahat ng magpapasakop sa pamamahala ng Dakilang Guro at araw-araw na mag-aaral sa paaralan ni Cristo. Ang kapangyarihang nasa utos ng Diyos ay walang hanggan. Ang ministro na, sa oras ng kanyang matinding pangangailangan, ay lumalapit at nananatiling kasama ng Panginoon, ay makatitiyak na tatanggap siya ng mensaheng magiging

“samyo ng buhay tungo sa buhay” para sa kanyang mga tagapakinig. (AA 368.3)

Ang gawain ng Diyos—ang biyayang nagmumula sa Kanya, na tunay na nararanasan at nadarama, at nahahayag sa buhay at mga gawa—ang siyang mag-iiwan ng malinaw at malalim na impresyon sa mga nakikinig. (2T 609.4)

Ngunit hindi lamang ito ang dapat isaalang-alang. May iba pang mahahalagang bagay na napabayaan ng ilan, bagaman ito’y may malaking kahalagahan ayon sa liwanag na ipinakita sa akin. Ang mga tao ay naaapektuhan ng asal ng tagapagsalita habang siya’y nasa pulpito—ng kanyang tindig, kilos, at paraan ng pagsasalita. Kung ang mga ito ay naaayon sa kalooban ng Diyos, ang impresyong maiiwan ay pabor sa katotohanan. Mahalaga na ang asal ng ministro ay may kahinhinan at dignidad, na naaayon sa banal at nakapagpapataas na katotohanang kanyang itinuturo, upang makagawa ng mabuting impresyon lalo na sa mga taong hindi likas na mahilig sa relihiyon. (2T 609.5)

Biyernes Pebrero 27

Karagdagang Kaisipan

“Ang kautusan ay humihingi ng katuwiran—isang matuwid na buhay at isang ganap na karakter; ngunit ito’y hindi kayang ibigay ng tao. Hindi niya kayang tugunan ang mga hinihingi ng banal na kautusan ng Diyos. Subalit si Cristo, nang Siya’y pumarito sa lupa bilang tao, ay namuhay nang banal at nagkaroon ng ganap na karakter. Ang mga ito ay iniaalok Niya bilang libreng kaloob sa lahat ng tatanggap sa Kanya. Ang Kanyang buhay ang pumapalit sa buhay ng tao. Sa ganitong paraan, sila’y tumatanggap ng kapatawaran sa mga nakaraang kasalanan dahil sa pagtitiis at pagtitiyaga ng Diyos. Higit pa rito, ibinabahagi ni Cristo sa tao ang mga katangian ng Diyos. Binubuo Niya ang karakter ng tao ayon sa wangis ng banal na karakter—isang marangal na pagkakagawa na may espirituwal na lakas at kagandahan. Sa gayon, ang mismong katuwiran ng kautusan ay natutupad sa sumasampalataya kay Cristo. Kaya ang Diyos ay maaaring maging “matuwid, at siyang umaaring-ganap sa sumasampalataya kay Jesus” (Roma 3:26). (DA 762.2)

Ang pag-ibig ng Diyos ay nahayag hindi lamang sa Kanyang awa kundi maging sa Kanyang katarungan. Ang katarungan ang pundasyon ng Kanyang trono, at ito rin ang bunga ng Kanyang pag-ibig. Layunin ni Satanas na paghiwalayin ang awa sa katotohanan at katarungan. Sinikap niyang patunayan na ang katuwiran ng kautusan ng Diyos ay kalaban ng kapayapaan. Ngunit ipinakita ni Cristo na sa plano ng Diyos, ang mga ito ay hindi maaaring paghiwalayin; ang isa ay hindi maaaring umiral nang wala ang isa. “Kaawaan at katotohanan ay nagsalubong; katuwiran at kapayapaan ay naghalikan.” (Awit 85:10). (DA 762.3)

Sa pamamagitan ng Kanyang buhay at kamatayan, pinatunayan ni Cristo na ang katarungan ng Diyos ay hindi sumisira sa Kanyang awa. Ipinakita Niya na ang kasalanan ay maaaring patawarin, at na ang kautusan ay matuwid at maaaring ganap na masunod. Sa gayon, napabulaanan ang mga paratang ni Satanas. Ibinigay ng Diyos sa tao ang malinaw at di-mapag-aalinlanganang katibayan ng Kanyang pag-ibig. (DA 762.4)

Para sa karagdagang pag-aaral, maaaring tumawag o makipag-ugnayan lamang po sa:

WhatsApp: (+63)961-954-0737

contact@advancedsabbathschool.org